
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**



# MODYUL 8

## ANG PAGSIBOL AT PAGSILANG NG NASYONALISMO SA ASYA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 8
## ANG PAGSIBOL AT PAGSILANG NG NASYONALISMO SA ASYA



Ang mga patakarang di makatwiran na pinasunod, ang mga karapatang ipinagkait ng mga mananakop sa mga bansang Asyano at mga patakarang di nagdulot ng kaunlaran ay ilan sa mga pangunahing naging dahilan sa pagsibol at pagsiiang ng nasyonalismo sa Asya. Naging tugon ang mga kilusan sa mga pang-aabuso at pagsasamantala ng mga Kanluranin lalo na sa pag-aangkin at malabis na paggamit ng mga likas na yaman ng mga bansang Asyano. Itinuring ang mga bansang Asyano bilang ekstensiyon ng produktong Kanluranin sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga pamilihan at mga industriyang dayuhan na bubuo ng kanilang mga iniluluwas na mga produkto. Ang mga patakarang pangkabuhayan ay pinanatlll ang pagiging depende ng mga bansang Asyano sa mga Kanluranln.

Ngunit sa pagpasok ng mga kaislpang liberal at ideya ng demokrasya ay naghangad ang mga Asyano ng kalayaan sa pananakop ng mga bansang Kanluranin. Ang pangunahing layunin ng mga inilunsad na kilusan ay wakasan ang panghihimasok ng mga Kanluranin sa kanilang kabuhayan at pamumuhay. Ang unang bahagi ay karaniwang reporma lamang sa pamamalakad at mga patakaran ang hinihingi ng mga Asyano ngunit nauwl rin ito sa mga himagsikan lalo na ng kanilang hilingin ang separasyon sa mga mananakop.



May apat na araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Nasyonalismo sa Silangang Asya
- Aralin 2: Nasyonalismo sa Timog-Silangang Asya
- Aralin 3: Nasyonalismo sa Timog Asya
- Aralin 4: Nasyonalismo sa Timog-Kanlurang Asya

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang kahulugan ng Nasyonalismo bilang pamamaraan sa paghahangad ng kalayaan at pagsasarili;
2. Maipaghahambing ang mga pamamaraang ginamit ng Asyano sa pagkakamit ng kalayaan mula sa mga Kanluraning mananakop;
3. Makikiiala ang mga Asyanong lider na naging kasangkapan sa pagkakamit ng kalayaan ng mga bansang Asyano;
4. Masusuri ang proseso ng pagbangon ng damdaming nasyonalismo sa Asya;
5. Maituturo sa mapa ang mga bansang Asyano na naghangad ng kalayaan mula sa mga Kanturaning mananakop; at
6. Mabibigyan ng pagpapahalaga ang naging kontribusyon ng paglulunsad ng mga kilusang pangkalakalan sa pamumuhay at pangkabuhayan ng mga Asyano.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay tumutukoy sa pagkamulat ng mga mamamayan upang sila'y magbuklod at labanan ang mga dayuhang mananakop.
   A. Imperyalismo
   B. Nasyonalismo
   C. Komunismo
   D. Kolonyalismo

2. Dalawang pamamaraan sa pagkakamit ng kalayaan ay:
   A. Imperyalismo at Kolonyalismo
   B. Civilizing Mission at Ethical Policy
   C. Aktibo at Pasibo
   D. Reporma at Propaganda

3. Kilusang inilunsad ng mga Pilipino na naglalayon ng pagbabago sa pamamalakad ng mga Kastlla at pantay na pagtrato sa mga Pilipino at Kastila.
   A. Budi Utomo
   B. Katlpunan
   C. Kuomintang
   D. Propaganda

4. Puwersa o lakas ng kaluluwa upang labanan ang pwersa ng armas.
   A. Ahimsa
   B. Samsara
   C. Karma
   D. Sudra

5. Naging pangunahing tagapagtaguyod ng pagbubuo ng isang nagsasariling Pakistan.
   A. Mahatma Gandhi
   B. Mohammed Ali Jinnah
   C. Jawaharlal Nehru
   D. Mustafa Kemal

6. Pampulitikang sistema ng pamumuno ng mga mag-kakamag-anak sa Tsina.
   A. Shogunato
   B. Monarklya
   C. Teokrasya
   D. Dinastiya

7. Ama ng Komunismo saTsina.
   A. Chou En Lai
   B. Mao Zedong
   C. Sun Yat Sen
   D. Henry Pu Yi

8. Panahon na ang bansang Hapon ay dI nakipag-ugnayan sa mga dayuhang mangangalakal at misyonero maliban sa pagbubukas ng ilang daungan para sa paklkipagkalakalan sa mga Olandes.
   A. Isolasyon
   B. Negosasyon
   C. Pagsasarili
   D. Programang Haponisasyon

9. Ang mga sumusunod ay mga digmaang kinasangkutan ng bansang Hapon maliban sa:
   A. Russo-Japanese
   B. Sino-Japanese
   C. Filipino-Japanese
   D. Dutch-Japanese

10. Ang mga sumusunod ay kinilalang bahagi ng teritoryong French Indo-Tsina o mga teritoryong sinakop ng bansang Pransiya sa Timog SIlangang Asya maliban sa:
    A. Thailand
    B. Annam
    C. Cambodia
    D. Laos

11. Nasyonalistikong pinuno ng Vietnam na nasalamin ang pagkakamit ng kalayaan sa pamamagitan ng pamamaraang KomunIsmo.
    A. Ho Chi Minh
    B. Sun Yat Sen
    C. Mao Zedong
    D. Deng Xiao Ping

12. Pamamaraan ng pang -aagaw ng militar ng pangkasalukuyang kapangyarihan ng pamahalaan upang magtatag ng panibago.
    A. Rebolusyon
    B. Coup d' etat
    C. Reporma
    D. Kolonisasyon

13. Ama ng mga Turko at naging kasangkapan sa paghihiwalay ng pamahalaan at ng relihiyong Islam sa kanilang Ilpunan.

A. Sultan Abdul Hamid
B. Mehmed V
C. Mustafa Kemal
D. Mohammed Reza Pahlavi

14. PInuno ng sektang Shiite sa Iran at naging kasangkapan sa pagbabalik ng tradisyunal na pamumuhay sa bansa.

A. Muatafa Kemal
B. Mohammed Reza Pahlavi
C. Ayatollah Ruhollah Khoemeini
D. Sultan Abdul Hamid

15. Naghangad ng pagbubuklod ng mga maliliit na kaharian sa peninsulang Arabe ngunit tinutulan ng pwersang Europeo.

A. Haring Husein Ibn Ali
B. Sultan Abdul Hamid
C. Haring Faisal
D. Haring Husein Ibn Saud

**ARALIN 1**

**NASYONALISMO SA SILANGANG ASYA**

Ang lawak ng kalupaan at likas na yaman ng bansang Tsina ang naging panghikayat sa mga bansang Kanluranin na naisin na ito'y sakupin at maging bahagi ng kanilang ekspansiyon sa Silangan. Ang Britanya, Pransiya, Alemanya, Rusya, at Hapon ay ilan sa mga bansa na nagkaroon ng kapaklnabangan sa ilang bahagi ng Tslna bilang *spheres of influence.* Ilang mga kasunduan na maituturing na panig sa mga dayuhan ang ipinalabas at naging daan sa pag-aangkin sa ilang bahagi ng Tsina gaya ng Hong Kong sa Britanya, Taiwan sa Hapon at ang Manchuria bIlang daungang pangkatubigan ng Rusya. Ang Kilusang itinatag ni Empress Dowager Ci Xi (Tsu Shi) na binubuo ng mga mandirigmang may kaalaman sa *martial arts* ay nakatulong upang pansamantalang pigilan ang pananakop ng mga dayunan ngunit ang mga Emperador ng Tsino na humina ang kapangyarihang pulitikal ay napilitang makipag-kompromlso sa pamamagltan ng pagpayag sa mga di makatwirang mga kasunduan. Ang pagtatatag ng Republika ng Tsina ay nagwakas lamang sa dinastiyang pamumuno ngunit di ang pananatili ng mga dayuhang mananakop. Ang pagyakap sa sistemang Komunismo na pinamunuan ni Mao Zedong ay naging mabisang instrumento upang tuluyang patalsikin ang mga dayuhan at maitatag ang *People's Republic of China.*

Ang bahagi ng *isolasyon* o pansamantalang pagsasara ng mga daungan para sa kalakalan at misyonerong Kristiyano sa bansang Hapon ay nagdulot ng mahabang panahon ng pagsasarili ng bansa. Ngunit ang mga Amerikanong namumuhunan ay nagkaroon ng malaking inleres na buksan ang kalakalan sa pagitan ng Hapon at Amerika. Sa tulong ni Commodore Matthew Perry ay sapilitang nabuksan ang kalakalan noong 1853 sa pagitan ng Hapon at Amerika. Upang maiwasan ang mahabang panahon ng pakikipaglaban sa mga dayuhang Kanluranin ay nilagdaan ng Shogun ng Hapon ang *Kasunduan sa Kanagawa* noong Marso 1854. Ang kasunduan na ito'y nagbigay ng limitadong karapatan sa kalakalan sa mga dayuhan. Nagpatuloy pa rin sa bukas na kalakalan sa mga dayuhan ang bansang Hapon ngunit nagkaroon ng dalawang uri ng paghahangad ang mga Hapones na mabawasan ang ugnayan na ito.

Gaya ng ginawa ng mga *Choshu at Satsuma samurai* ay nilabanan nila ang mga dayuhang mangangalakal na nagnanais na magpasok ng mga kalakal sa kanliang mga daungan. Ang isa namang pangkat na pinamunuan ni Emperador Mutsuhito ay nag-isip ng paraan kung paanong ang mga kaalaman at produktong dala-dala ng mga dayuhan ay makatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang sariling mga produkto. TInawag ang panahong ito bilang Meiji Era o Enlightened na pamahalaan.

Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Makikilala ang mga lider na Tsino at Hapones na naging kasangkapan sa pagkakamit ng kalayaan ng Tslna at Hapon;
2. Masusuri ang proseso ng pagbangon ng damdaming nasyonalismo sa Tsina at Hapon;
3. Maituturo sa mapa ng Asya ang mga bansang Tsina at Hapon; at
4. Mabibigyang pagpapahalaga ang naging kontribusyon ng paglulunsad ng mga Kilusang Pangkalayaan sa pamumuhay at pangkabuhayan ng mga Tsino at Hapones.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ipaliwanag ang iyong pakahulugan sa larawan sa ibaba. Ano sa iyong palagay ang kaugnayan nito sa pagtatatag ng nasyonallsmo sa bansang Hapon? Kilala mo ba ang mga lider na Hapones na nagkaroon ng kaugnayan sa modernisasyon ng Hapon? Kiialanin mo sila sa pamamagitan ng paghahanap ng kanilang mga pangalan sa ilalim.







- Ito Hirobumi – kinilalang arkitekto ng Modernisasyon sa bansang Hapon
- Saigo Takamori – nagbalik sa Emperador Meiji noong 1868
- Hara Takashi - unang Punong Ministro ng Hapon na nagsulong ng konserbatibong pamahalaan laban sa mga Kanluraning ideyang pulitikal

Dahil ang pagtuturing ng Tslna sa kanyang kaharian noong panahon ng Dinastiyang Manchu ay mas superyor kaysa sa mga dayuhang nasyon, ginawa niyang patakaran na ang mga bansa na nagnanais na magkaroon ng pakikipagkalakalan sa haharian ay dapat maging kabahagi ng sistemang tributo. Ang mga representante ng kaharian ng mga dayuhan ay kailangang sumunod sa mga naisin ng emperador upang maging maayos ang sistema ng kalakalan at may kinakailangang ritwal na dapat sundin lalo na sa pagbibigay-halaga sa emperador na Tsino. Ang popularidad ng produktong seda at tsaa ng Tsina sa Europa ay naging daan upang naisin ng Britanya na magkaroon ng matatag na pakikipagkalakalan sa Tsina. Nang dumating si Lord McCartney bilang representante ng Hari ng Britanya sa Tsina ay nagkaroon ng di pagkakaunawaan sa pamamaraan ng pagpupugay na kailangang ibigay sa Emperador Tslno. Ang *kowtow* ay ang pagluhod sa dalawang tuhod ng isang dayuhan sa harapan ng Emperador Tsino ngunit isang tuhod lang ang kanyang ginawang pagluhod sapagkat para sa mga Ingles ganito ang kanilang pamamaraan ng pagpupugay sa kanilang Hari. Ikalawa ang kanyang mga dalang regalo na karaniwang mga imbensiyon nila ay pinakahulugan ng Emperador na tributo at di regalo. Ipinakikita sa pangyayaring ito ang magkaibang perspektibo ng dalawang kaharian.

Nagpadala ng sulat ang Emperador Tsino sa Hari ng Inglatera at binigyang- diin na di niya kailangan ang tributo sa dahilang ang Tslna ay biniyayaan na ng maraming yaman kaya ang ginagawa niya ay hatiin ito sa mga nagnanais na makipagkalakalan sa kanila. Ang kasikatan ng produktong Tsino sa Europa ay patuloy na naglunsad ng pangangailangan sa mga Europeong makabili ng mga ito.



Kinakailangan nilang magkaroon ng maraming bilang ng *silver* upang maipambayad sa produktong Tslno. Kaya ang ginawa ng Britanya upang magkaroon siya ng maraming bllang ng *silver* ay nag-angkat ng opyo sa India at pinagbili sa Tsina. Ang kalakalang ito'y nalaman ng mga opisyales na Tsino kaya ito'y dagliang pinagbawal at tinutulan. Pinagsimulan ito ng labanan sa pagitan ng dalawang kaharian at ang pagkatalo ng mga pinunong Manchu sa nasabing DIgmaan sa Opyo ay naging pasimula ng kanilang paghina sa kapangyarihan.



Ito rin ang naging daan sa pagpasok sa mga di makatwirang kasunduan ng Tsina na naging daan ng pagkakaroon ng *spheres of influence* ng mga bansang Europeo sa kanyang teritoryo.

Kaalinsabay nito ay may mga pangkat din ng mga Tsino na naghahangad na ng pagpapalit ng pamamalakad ng mga dinastiya tungo sa isang Republika. Ang paghahati at pagbubukas ng mga daungan sa Tsina ay naging daan din sa pagpasok ng mga ideyang liberal. Mga sikretong kilusan ang itinatag upang bigyan ng solusyon ang problemang pulitikal ng Dinastiyang Manchu. Nabuo muna ang Kilusan ng mga Boxers

na patuloy na naniniwala na ang Tslna ay di kailangang yumakap sa mga ideyang makabago at liberal. Nagtagumpay sila na palayasin ang mga dayuhan sa Tsina at ang mga Kristiyanong Tsino.

Matapos ang pagtatagumpay ng kilusang ito laban sa mga dayuhan ay minabuti ng mga bansang Europeo na sama-samang labanan ang pwersa ng pinunong Tsino at kanilang pinagtagumpayan ito. Ang paghina ng kapangyarihan ng Emperador Tsino ay naging daan sa pagsilang naman ng Republika ng Tsina sa pangunguna ni Dr. Sun Yat Sen sa ilalim ng Partido Kuomintang. Tatlong prinslpyo ang kanyang isinulong: Nasyonalismo, demokrasya at pagbabago sa pangkabuhayan ng mga tao. Ang nasyonalismo ay nangangahulugan ng pag-usbong ng pambansang pagkakalsa at tuluyang pagpapaalis sa mga dayuhang kapangyarihan sa Tsina. Ang demokrasya ay nagbibigay-diin sa pagbubuo ng isang pamahalaang konstltusyonal na pinagsama ang Kanluranin at tradisyunal na Tsino upang palitan ang absolutong monarkiya. Ang pagbabago naman sa pangkabuhayan ng mga tao ay kumakatawan sa tamang pamamahagi ng lupa at ang pagtulong ng pamahalaan sa pagtatayo ng mga industriya na magbabawas sa pagiging depende ng mga Tsino sa dayuhang kalakal.

Ang Panahon ng Tokugawa sa pamumuno ni Shogun leyashu ng bansang Hapon ay nagbigay-daan sa pagpapatupad ng *patakarang isolasyon* nito sa mga bansang Kanluranin. Ang mga Shogun ng Tokugawa ay naghigpit sa pagpasok ng iba't ibang kaisipan at pananampalataya sa Hapon. Ang mga Europeo ay nagkaroon lamang ng pagkakataon na makipagkalakalan sa bahagi ng isla ng Dejma sa may daungan ng Nagasaki. Taong 1720 nang nagkaroon ng pagsususog ang nasabing patakaran ng pinayagan ni Shogun Yosnimune ang pagpasok ng mga Europeong aklat sa bansa. Ito ang nagbukas ng kaisipan sa mga dayuhang bansa lalo na sa Estados Unidos na maghangad ng pagtatatag ng permanente at matatag na kalakalan sa pagitan ng Estados Unidos at Hapon. Sa pamamagitan ng Amerikanong Commodore na si Matthew Perry ay nagkaroon ng kasunduan ang dalawang bansa noong Marso 31,1854 upang pasimulan ang kanilang kalakalan. Ngunit ang mga sumunod pang kasunduan na pinasukan ng mga Shogun na Hapon ay nagbukas lamang ng mas malaking pribelehiyong pang-kalakalan sa mga Kanluranin at pagpapakilala ng paghina ng pamumuno ng mga Shogun.




**Ang bansang Hapon sa panahong Tokugawa**


Isang pangkat ng mga kabataang Samurai mula sa Satsuma, Choshu ang nagbigay diin sa paghahangad ng pagbabalik ng Emperador na Hapon at motibasyon sa pag-atake sa mga militar at mga dayuhang barko.

Upang wakasan ang paglaganap ng kaguluhan sa Hapon ay naitalaga si Emperador Meiji o si dating Prinsipe Mutsuhito bilang puno ng pamahalaan. Pinasimulan niya ang modernisasyon ng bansang Hapon sa pamamagitan ng modipikasyon ng mga sistemang Kanluranin sa aspetong pangkabuhayan, pulitikal at sosyo-kultural ng bansa. Ito ang naging pasimula ng ekspansiyon ng Hapon sa kanyang teritoryo at pagpasok sa iba't ibang digmaan gaya ng Sino-Japanese War at Russo-Japanese War. Ang pagpapalakas ng kanyang hukbong - militar ay naging daan sa pagbubuo ng agresibong nasyonalismo sa kanyang bansa.

Sa Panahong Showa, sa pamumuno ni Emperador Hirohito ay ipinagpatuloy ang mabilis na modernisasyon ng Hapon at nakasangkot din sa mga pangdaigdigang digmaan. Ngunit daan ito sa pagbubuo ng marubdob na pagmamahal ng mga Hapon sa kanilang bansa gaya ng ipinakitang kabayanihan ng mga piloto sa mga eroplanong Kamikaze noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



**Ang batang Emperador Hirohito sa Panahong Showa ng Hapon**



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Kung ikaw ang papipiliin, alin sa ginamit na pamamaraan ng mga Tsino at Hapones ang naging mabisang pamamaraan sa pagbangon ng damdaming Nasyonalismo sa kanilang mga bansa? Bakit?



**Tandaan Mo!**

- Ang Dinastiyang Manchu ng Tsina ay itinuturing na superior ang kahariang Tsino lalo na sa aspetong kalakalan sa mga dayuhang bansa.
- Ang popularidad ng tsaa at seda ay naging daan sa paghahangad ng matatag na kalakalan ng Britanya sa Tsina.
- Ang kowtow ay isang pamamaraan ng pagluhod na ibinibigay ng isang dayuhang mangangalakal sa Haring Tsino bilang bahagi ng kanyang pag-respeto sa pinuno.
- Ang *spheres of influence* ay bahagi ng teritoryong Tsina ngunit pinangangasiwaan sa aspetong pang-ekonomiya ng isang bansang dayuhan.
- Ang Panahon ng Isolasyon ay naging daan upang masugpo ng Hapon ang mabilis na paglaganap ng Kanluraning kaisipan at pananampalataya.
- Ang Panahong Meiji ay naging daan sa modernisasyon ng lipunang Hapon sa aspetong pangkabuhayan, pulitika, at sosyo-kultural.



**Gawain 3: Paglalapat**

PAGBIBIGAY NG SARILING OPINYON

Sa iyong palagay, ang isolasyon o pagpigil ng pagpasok ng ibang kaisipan, pilosopiya at pananampalataya sa ibang bansa ay makatutulong ba upang lalong maging matatag ang isang lipunan sa kanyang pangkabuhayan at kalinangan? Bakit?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

**ARALIN 2**

**NASYONALISMO SA TIMOG-SILANGANG ASYA**



Iba't iba ang pamamaraang ginamit ng mga naging pinunong lider sa mga kilusang naghangad ng paglaya sa mga Europeong mananakop sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya. Naghain ang mga Asyano ng mga reporma, nagbuo ng mga makabayang organisasyon, at nang lumaon ay gumamit din ng mga madugong pakikihamok laban sa kanilang mananakop upang mapagtagumpayan nila ang kanilang paghahangad sa pagsasarili. Nakilala sa Indonesia bilang tagapagtaguyod ng kalayaan sina Prinsipe DIponegoro at Tungka Umar na buong giting na nakipaglaban sa mga Olandes. Ang Budi Utomo, isang makabayang organisasyon na itinatag ni Waidin Sudara Usada ay naging daan sa pagbubukas ng mga paaralan na nagtaguycd ng mga reporma sa kanilang bansa.

Sa Pillplnas, ang Kilusang Propaganda na itinaguyod ng mga ilustradong PIlipino ang naglatag ng kaisipang paglaya sa pamamagitan ng mga pahayagan, nobela at makabayang aklat. Ang Katipunan na noong una ay isang sikretong organisasyon laban

sa mga Kastila ang naging kasangkapan sa pagsasakatuparan ng paglaya sa mga dayuhang mananakop.

Ang pagwawakas ng pananakop ng mga Pranses sa Vietnam ay naging katotohanan sa pamamagitan ng Partidong Viet Minh o kilusan ukol sa pagsasarili ng bansang Vietnam. Si Nguyen Ai-Quoc o Ho Chih Minh, ang nasyonalistikong pinuno ng partido, ang naging pangunahing kasangkapan sa paglaya ng kanilang bansa.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Makikilala ang mga lider na nanguna upang makamit ang kalayaan ng mga bansa sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya;
2. Masusuri ang proseso ng pagbangon ng damdaming nasyonalismo sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya;
3. Maituturo sa mapa ng Asya ang mga bansa saTimog-SIlangang Asya na naghangad ng paglaya sa mga dayuhang mananakop; at
4. Mabibigyan ng pagpapahalaga ang naging kontribusyon ng paglulunsad ng mga kilusang pangkalayaan sa pamumuhay at pangkabuhayan ng mga mamamayan sa Timog-Silangang Asya.


**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Kilalanin mo ang nasa larawan. Ano ang naging kaugnayan niya sa paghahangad ng kalayaan ng mga Pilipino laban sa mga Kastila? Bakit siya itinuring na pambansang bayani ng mga Pilipino? Ipaliwanag.



Ang mga Olandes ay matagal na naging mananakop sa Dutch East Indies o Indonesia sa kasalukuyan. Matagal nilang kinontrol ang ekonomiya ng bansa at nagtatag ng kompanyang Dutch East India Company upang patuloy na pakinabangan ang mga likas na yaman, hilaw na materyales at mga panlasa (spices) na marami sa nasabing lugar. Ang pulitikal na pamamamalakad ay patuloy pa ring ibinigay sa mga lokal na pinuno ngunit ang mga Olandes ay nagsilbing mga tagapayo lalong lalo na sa paggawa at pagpapatupad ng mga batas. Ang sistema ukol sa sapilitang pagbibigay ng ikalimang bahagi o mas malaki pa dito ng taniman ng mga magsasaka sa mga produktong nais ipatanim ng mga Olandes sa dahilang ito ang kanilang iniluluwas upang pagkakitaan ay naging daan sa kakulangan ng makakaing bigas ng mga Indones at nagresulta sa malawakang taggutom sa lugar. Dahil dito, si Prinsipe Diponegoro ng Java, isa sa malaking isla ng Indonesia, ay nanguna sa isang pag-aalsa na nagpasimula noong 1825-1830. Tinagurian siyang "Prince Liberator". Siya ay sinuportahan ng mga magsasaka at ng mga mayayaman na nawalan ng pagkakataon na mag-ari ng mga lupa dahil sa batas kolonyal na pinatupad ng mga Olandes. Ang batas kolonyal na ito ukol sa pag-aari ng lupa ay pinaboran lamang ang mga Tsino at mga Europeo na mag-ari ng lupa.

Ang kanyang pakikihamok ay naging daan sa paghina ng sandatahang panlakas ng mga dayuhan ngunit ito'y nasugpo ng mga Olandes noong 1830 hanggang sa siya'y mapilitang sumuko sa mga ito. Siya ay ipinatapon sa isla ng Makassar sa Celebes at doon na namatay nang taong 1855. Hanggang sa kasalukuyan ay pinararangalan pa rin ng mga Indones ang kagitingan ni Prinsipe Diponegoro sa pamamagitan ng isang pamantasan na ipinangalan sa kanya sa Semarang.





**Ang isa sa kinikilalang Templo ng Hinduismo sa Java, Indonesia na naitayo noong panahon ng Dinastiyang Sailendra**

Ang mga Acehnese ng Hilagang Sumatra ay naglunsad din ng pakikidigma laban sa mga Olandes sa pangunguna ni Tungka Umar noong 1873-1908. Malaki ang naging gastos ng mga Olandes upang pigilan ang nasabing digmaan ngunit natalo man ang mga Indones hindi naman nito napigilan ang pagkalat pa ng iba't ibang kilusan sa paghahangad ng kalayaan dito. Ang mga paaralang itinayo rin ng mga Olandes ay naging kasangkapan upang ang malaking bahagi ng populasyon ng Indonesia ay makapag-aral at marami sa kanila ang nakakamit ng mataas na posisyon sa pamahalaan. Sa mga nakapag-aral na ito ay mayroong naging kasangkapan sa pagnanais na panatilihin ang kanilang mga tradisyon at paniniwala laban sa kulturang dinala ng mga dayuhang mananakop. Ang pagtatatag ng *Sarekat Islam* ni Umar Said Tjokroaminoto sa Java ay naging daan upang pahinain ang monopolyo ng mga Tsino sa kalakalan sa Indonesia. Noong 1919 ay maraming bilang pa ng mga mangangalakal na Indones ang sumapi sa samahan na labis na ikinabahala ng mga Olandes kaya ito ay kanilang nilansag. Ang layunin ng samahan ay ang pagpapatanyag ng mga pangkomersyong ginawa ng mga Indones; pangkabuhayang suporta at pagtulong sa mga kasapi; pagpapataas ng pangkaisipan at materyal na pangangailangan ng mga Indones; at proteksiyon sa relihiyong Islam.

**Ang Kilusang Propaganda at Himagsikang Pilipino**

Kaalinsabay ng pagpasok ng mga kaisipang liberal sa Pilipinas ay ang pagsisimula ng pag-usbong ng dalawang nasyonalismo. Unti - unting nagising ang kaisipan ng mga Pilipino ukol sa diskriminasyong pinairal sa bansa ng mga mananakop na nagresulta sa mga di makatarungan at makataong mga patakarang pinatupad. Pinasimulan at nabuo ang Kilusang Propaganda ng mga ilustrado at edukadong mga Pilipino na ang naging layunin ay ang paghiling sa pagkakapantay-pantay ng mga Pilipino sa mga Kastila; maging lalawigan ang Pilipinas ng bansang Espanya; at ang pagbabago sa pamamaraan ng pamamahala ng mga Kaslita. Pangunahin nilang ginamit ang papel at pluma, mga talumpati, at pamamahayag upang maiparating sa Espanya ang tunay na sitwasyon sa Pilipinas at humiling ng mga reporma. Naging kilala at tanyag sa kanilang mga sulatin at pamamahayag sina Jose Rizal, Marcelo H. Del Pilar, at Graciano Lopez Jaena. Ipinahayag nila sa kanilang mga sulatin ang kabulukan at kanser ng pamahalaang kolonyal at ang malabis na pang-aabuso ng mga prayle sa mga Pilipino. Isinulong din ng mga Pilipinong pari sa pangunguna ng tatlong paring martir ang Pilipinisasyon o Sekularisasyon ng mga parokya. Ang sinasapantaha nilang paghawak ng mga parokya ay di tuluyang naisakatuparan sa dahilang tumutol ang Simbahang Katoliko na ang maaaring paghawak ng mga Pilipino sa mga parokya ay maaaring magpasimula ng kanilang pagbubuklod at pagkukuwestiyon sa kapangyarihan ng Simbahan. Ang mapangahas na mga nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo na isinulat ni Jose Rizal ay naging mabisang instrumento upang pukawin ang damdaming makabansa ng mga Pilipino.



Ang kanilang kahilingan na reporma para sa Pilipinas ay naisantabi lamang. Kaya ang tunay na kahulugan ng kalayaan ay isinakatuparan ng Katipunan. Ang Katipunan noong una ay nagsilbing sikretong organisasyon laban sa pamumuno ng mga Kastila. Sa pamumuno ng Supremo na si Andres Bonifacio ay minithi ng mga Katipunero ang tuluyang separasyon at paglaya sa pamahalaang kolonyal. Gumamit sila ng pakikihamok at himagsikan upang makamtan ang minimithing kalayaan. Ang Rebolusyong 1896 ay lumaganap sa buong kapuluan at nagsilbing repleksiyon sa mga Kastila sa nais na paglaya ng mga Pilipino. Taong 1898 ay lumaya ang mga Pilipino sa mga Kastila at naging daan sa pagbubuo ng nasyon-estado.



Ang mga kilusang nasyonalismo ay nagpatuloy pa rin maging sa ilalim ng pananakop ng mga Amerikano. Ito'y karaniwang makikita sa aspeto ng panitikan at literatura gaya ng mga dula at kuwentong makabayan. Bagamat nakipagtulungan ang ibang lider na Pilipino, ninais pa rin ng nakararaming lumaya at makitang tuwirang pinatatakbo ang pamahalaan ng mga Pilipino. Ang Pilipinas ang pinakaunang bansa sa Asya na lumaya sa kamay ng mga mananakop pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



**Ang watawat ng Pilipinas ay simbolo ng paglaya ng Pilipinas sa kamay ng mga mananakop**

Ang ipinakitang pagtutol at paglaban ng mga Pilipino sa mga mananakop ay lubhang napakahalaga sa kasaysayan ng nasyonalismo sa Asya. Naging modelo sa mga bansang sakop na kumilos at labanan ang mga mananakop.

**Ang Nasyonalismo sa Vietnam at si Ho Chih Minh**

Naging kabilang sa teritoryong French Indo-Tslna ang mga kasalukuyang bansa ng Cambodia, Laos, at Vietnam. Sa Vietnam o sa kahariang Annam umusbong ang marubdob na paghahangad ng kalayaan laban sa mga dayuhang Pranses. Nagsilbing inspirasyon sa mga Vietnamese ang Rebelyong Boxer sa Tsina na ang naging pangunahing layunin ay ang paalisin ang mga dayuhan at hadlangan ang pagpasok ng Kristiyanismo. Nagnais silang lumaya sa pamamahala ng mga Pranses na sa mahabang panahon ay pinakinabangan ang kanilang natural na kapaligiran.


Ang pagtatatag ng Partido Kuomintang sa Tsina at pagbabago ng sistema ng pamumuhay nila tungo sa Komunismo ay nagbigay muli ng lakas ng loob sa mga Vietnamese upang tahakin ang landas sa paglaban sa mga dayuhang mananakop.

Ang pagtatatag ng Partido ng mga Nasyonalistikong Annamite noong 1927 ay naging pasimula sa kanilang paghahangad ng kalayaan. Isa sa naging kilala at rebolusyonaryong lider ng kilusan ay si Nguyen-Ai-Quoc o Ho Chi Minh.



Si Ho Chih Minh ay isang nasyonalistikong pinuno ng Vietnam na sinalamin ang kalayaan sa pamamagitan ng pagtanggap sa pamamaraang Komunismo. Nilayon nito ang pagbabawas ng pagbubuwisan, redistribusyon ng mga lupa, at pag-alis ng pwersahang pakikilahok sa lakas-militar ng mga Vietnamese sa pwersa ng Pransiya. Pinalakas ni Ho Chih Minh ang kilusan dahil nais nitong muling kunin ang Hanoi at Saigon sa mga dayuhang mananakop at isunod ang deklarasyon ukol sa Repubilka ng Vietnam. Naging isang malaking pagkabigla sa panig ng pwersang Pranses ang ipinakitang pakikihamok ng mga Vietnamese sa ilalim ng pamumuno ni Ho Chih Minh. Dahil dito ay dagliang nagpatawag ng isang pagpupulong ang Pransiya sa Potsdam, Alemanya kasama ang kanyang mga kaalyansang bansa. Ang ginawang ito ng Pransiya ay di nagdulot ng mabuti para sa paningin ng mga Vietnamese. Bumangon ang digmaang sibil sa Timog at Hilagang Vietnam. Noong 1954 sa Geneva, Switzerland ay pinagtibay ang paghahati ng Vietnam sa ilalim ng sukat ng 38 parallel. Ang Hilagang Vietnam ay di tinanggap ang sistemang Komunista ngunit ang Timog Vietnam naman ang tumanggap sa sistemang Komunismo.

Iba-iba man ang pamamaraang ginamit ng mga bayani at punong tagapagpasunod ay masasalamin natin ang marubdob na paghahangad ng kalayaan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Kung ikaw ang papipiliin, alin sa sistemang mapayapa o pakikihamok ang sa iyong palagay ang dapat na sundin at gawing modelo para sa pagkakamit ng kalayaan? Bakit?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Naghain ng iba't ibang pamamaraan ukol sa paglaya ang mga taga-Timog-Silangang Asya gaya ng reporma, pagbubuo ng mga makabayang organisasyon, at pakikihamok.
- Matagal na kinontrol ng Gran Britanya ang ekonomiya ng mga bansang sinakop at nagtatag ito ng kompanyang Dutch East India Company upang patuloy na pakinabangan ang mga likas na yaman, hilaw na materyales, at mga panlasa (spices) na marami sa mga bnsang nasakop.
- Ang Budi Utomo ay isang makabayang organisasyon na itinatag upang magkaroon ng mga paaralan na magtataguyod ng reporma sa Indonesia.
- Ang Kilusang Propaganda at Katipunan ay mga samahang itinaguyod ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan sa mga mananakop na Kastila.
- Si Nguyen Ai-Quoc o Ho Chih Minh ay isang nasyonalistikong Vietnamese na naging pangunahing kasangkapan sa paglaya ng kanyang bansa sa mga mananakop na Pranses.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sino sa mga naging pinuno o nasyonalistikong Asyano sa Timog-Silangang Asya ang nais mong tularan? Bakit?

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

**ARALIN 3**

**NASYONALISMO SA TIMOG ASYA**



Iba't ibang pamamaraan ng pakikihamok ang ginamit ng mga nasyonalistikong namuno at naging kasangkapan ng pagkakamit ng kalayaan sa rehiyon ng Timog Asya.

Ang Pag-aalsa ng mga Sepoy sa India noong 1857-1859 ay nangyari dahil sa kawalan ng pampulitikang kalayaan ng mga mamamayan, sapilitang pang-aagaw ng mga lupa sa mga Hindu ng mga awtoridad na Ingles at di pag-respeto sa kanilang mga paniniwala at mga tradisyon. Naging kilala ang mga babasahing gaya ng Hindoo Patriot, Amritza Bazar Patrika at Bengalee noong 1870 na naglalahad ng mga repormang nais ng mga Hindu na makamit sa ilalim ng pamamahala ng mga Ingles. Ngunit ang mapayapang pamamaraan na pasibo ang ginamit na paglaban at isinakatuparan ni Mahatma Gandhi. Ang pag-aayuno at pagboykot na tangkilikin ang mga produktong Ingles ay binigyang-diin din sa kanilang paglaban at paghahangad ng kalayaan. Ito ang naging mabisang paraan upang ibigay ng Britanya sa mga taga-Timog Asya ang kanilang kalayaan.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:


1. Makikilala ang mga lider na nanguna upang makamit ang kalayaan ng mga bansa sa rehiyon ng Timog Asya;
2. Masusuri ang proseso ng pagbangon ng damdaming nasyonalismo sa mga bansa sa Timog Asya;
3. Maituturo sa mapa ng Asya ang mga bansa sa Timog Asya na naghangad ng paglaya sa mga dayuhang mananakop; at
4. Mabibigyan ng pagpapahalaga ang naging kontribusyon ng paglulunsad ng mga Kilusang Pangkalayaan sa pamumuhay at pangkabuhayan ng mga mamamayan sa Timog Asya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin ang mga watawat ng mga bansa na matatagpuan sa Timog Asya. Isulat ang mga pangalan ng mga bansang ito sa patlang sa ilalim.







_______________ _______________ _______________




**Ang Kontinente ng India kabilang ang mga bansang Pakistan, Nepal, Bhutan, Bangladesh, at Sri Lanka**

Ang bansang India sa kanyang kasaysayan ay dumaan sa mahabang panahon ng pakikihamok na nagpasimula sa mga pag-aalsa, rebolusyon at reporma nang lumaon. Naging kilala sa kanilang kasaysayan ang Pag-aalsa ng mga Sepoy noong 1857-1859. Ang mga "sipahi" o mga Sepoy ay mga sundalong Hindu at Muslim na naging kabilang sa mga sundalong Ingles sa panahon ng pananakop ng mga huli sa India.

Ang mga pangunahing dahilan ng kanilang pag-aalsa ay dahil sa kawalan ng pampulitikang kalayaan ng mga mamamayan, sapilitang pang-aagaw ng mga lupain ng mga Hindu ng mga awtoridad na Ingles at ang di pag-respeto sa kanilang mga kinagisnang kaugalian at tradisyon.

Ang pagsasanib ng lakas at tapang ng mga Hindu at Muslim na Sepoy na pinangunahan nina Nana Saheb, Tantia Tapi at Rani Lakshmi ng Jhansi na naging kilala bilang “Mandirigmang Prinsesa". Ang nasabing rebelyon ay di nagtagumpay sa dahilang ang mga sundalong Ingles ay tinulungan ng mga Hindu collaborator, Sikh, Gurkha at katutubong prinsipe.

Maliban sa mga pag-aalsa ay gumamit din ang mga nasyonalistikong Hindu ng mga reporma upang makamit ang kalayaan. Gumamit sila ng mga peryodiko at pahayagan upang pagsulatan ng kanilang mga opinyon, hinaing at perspektiba ukol sa

pananakop ng mga Ingles. Ilan sa mga babasahing ito ay ang *Hindoo Patriot*, *Amritza Bazar Patrika* at *Bengalee* na nalathala noong 1870. Isinulong ng mga repormistang mamamahayag ang kanilang adhikain na magkaroon ng sariling pamahalaan laban sa pamamahala ng mga Ingles. Batay sa isang repormistang Hindu na si Gopal Krishna Gokhale, nakikita nila ang India bilang isang bansang industriyalisado, malaya sa panlipunang aspeto at may sariling pamahalaan. Samakatwid ang kalayaan ng India ay lubusang nakasalalay sa pagkakaroon ng sariling pamahalaan at tuluyang paghiwalay sa pamamalakad ng mga Ingles.



Ang marubdob na paghahangad ng kalayaan ay naisakatuparan noong 1907 sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga repormang pampulitika. Noong 1909 sa pamamagitan ng Indian Council Act ay nagkaroon ng mga indirektong paghawak ng posisyon ang mga Hindu sa Kongreso. Ang pangyayaring ito ang naging daan sa hidwaan sa pagitan ng mga Hindu at Muslim sa dahilang natakot ang mga Muslim na maapektuhan ang kanilang mga katutubo at panrelihiyong kalinangan.

**Ang Ahimsa at Satyagraha sa India**

Nakilala bilang Mahatma o dakilang kaluluwa si Mohandas Karamchand Gandhi ng India. Siya ang isa sa naging pangunahing tagapagsulong ng pagtutol sa pamamahala ng mga Ingles sa India. Tinuligsa niya ang kawalan ng pagkakapantay-pantay ayon sa turo ng Hinduismo gaya ng pag-aalis sa iba't ibang porma ng

diskriminasyon sa mga untouchables at sa sistema ng pagpapatiwakal ng mga babaing biyuda.




Naniniwala si Mahatma sa puwersa o lakas ng kaluluwa (ahimsa) upang labanan ang puwersa ng armas. Ang pamamaraang ito ay naging kilala bilang *passive ses-istance* na kailangang sabayan ng paghawak sa katotohanan (satyagraha). Ang *satyagraha* ay paniniwala ng mga Hindu na kung sila'y saktan ng mga mananakop, ang mga ito ay di patutulugin ng kanilang mga konsensiya hanggang mapagtanto nila na mali at di mabuti ang kanilang mga ginawa.

Gumamit din si Gandhi ng pagpepenetensiya at pag-aayuno upang matawag ang pansin ng mga dayuhan. Hinikayat din niya ang mga taga-India na huwag tangkilikin ang mga produktong Ingles lalo na ang tela. Pinangunahan niya ang panawagan ukol sa *civil disobedience* upang maparalisa ang mga negosyo ng mga Ingles. Ang mga pamamaraang ito ay naging daan sa pagpayag ng Britanya sa kanilang mga kahilingan gaya ng karapatan at kalayaan sa pamamahayag at higit na partisipasyon sa pamahalaan.

Ngunit nagtagumpay man si!a sa kanilang pagnanais na paglaya sa mga mananakop na Ingles ay di pa rin napag-isa ang mga Hindu at Muslim. Ninais ng mga Muslim na magkaroon ng isang estadong hiwalay sa India. Si Muhammad Ali Jinnah, ang itinuturing na tagapagtatag ng bansang Pakistan ang naging unang Gobernador-Heneral ng bansa matapos ang pagkakamit ng kalayaan sa mga Ingles at si Jawaharlal Nehru naman ang naging unang Punong Ministro ng India.




**Mohammed Ali Jinnah**



**Jawaharlal Nehru**

Ang pagnanais ni Gandhi na pagkasunduin ang nahating India ay naging daan ng kanyang kamatayan sa dahilang isang panatikong tagasunod na Hindu Mahasabla ang bumaril sa kanya dahil tutol ito sa kanyang adhikain. Ang kanyang pilosopiya at mga aral ay nagsilbi pa ring inspirasyon sa mga Indian kahit siya'y matagal nang namayapa.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Paano sa iyong palagay naging gabay sa pamumuhay at pamahalaan ng India sa kasalukuyan ang mga pilosopiya at aral ni Mahatma Gandhi? Ipaliwanag.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang Pag-aalsa ng mga Sepoy sa India noong 1857-1859 ay nangyari dahil sa kawalan ng pampulitikang kalayaan ng mga mamamayan, sapilitang pang-aagaw ng mga lupa sa mga Hindu ng mga awtoridad na Ingles at di pag-respeto sa kanilang paniniwala at mga tradisyon.
- Ang mga babasahing Hindoo Patriot, Amritza Bazar Patrika, at Bengalee na nailathala noong 1870 ay nagsulong ng mga repormang gaya ng pagsasarili ng pamahalaan para sa India.
- Ang passive resistance at civil disobedience ay ang mga pamamaraang ginamit ni Mahatma Gandhi upang isulong ang kalayaan ng India laban sa mga Ingles.
- Si Muhammad Ali Jinnah ang naging unang Gobernador-Heneral ng Pakistan at si Jawaharlal Nehru ang naging unang Punong Ministro ng India.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ano ang naging tulong ng pamamaraang *passive resistance* at *civil disobedience* ni Mahatma Gandhi sa pagkakamit ng kalayaan ng Pilipinas sa isang diktaduryang pamamahala noong 1986?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

**ARALIN 4**


**NASYONALISMO SA TIMOG-KANLURANG ASYA**



Ang pagiging imperyo ng Ottoman mura taong 1350-1683 ay naging daan sa paglawak ng kanilang kapangyarihan sa bahagi ng tinatawag na Timog-Kanlurang Asya sa kasalukuyan. Sa pamumuno ni Osman ay kinatakutan ang kanilang mga mandirigma na ang bahagi ng nasakop ay mula sa dating Asya Minor hanggang sa bahagi ng Balkan Peninsula sa Europa. Ang Imperyong Byzantine o ang silangang bahagi ng Imperyong Roma na sa kasalukuyan ay bansang Turkey ay naging bahagi rin ng kanilang sakop. Ngunit binigyan ng mga Seljuk na Turko ang ilan sa mga pinunong tribo sa Turkey ng karapatang mag-angkin ng mga lupain dito hanggang nang sa huli ay nakonberto ang malaking bahagi ng kanilang populasyon sa relihiyong Islam.

Noong 1914-1918 ay nagkaroon ng malaking interes ang mga Aleman sa aspetong pangkabuhayan ng Turkey. Naging magka-alyansa sila noong Unang Digmaang Pandaigdig ngunit sa dahilang natalo ang Alemanya sa pakikidigma nito sa Europa ay nawala rin ang dating mga bahaging sakop ng Imperyong Ottoman. Ang paghina ng kapangyarihan nito ang nagbigay-daan sa paghingi ng kalayaan ng Turkey na naipagkaloob noong 1923. Si Mustafa Kemal ang kinilalang Ama ng mga Turko at naging kasangkapan siya para makamit ang kanilang kalayaan bilang isang bansa.

Ang iba namang mga bansa sa Timog-Kanlurang Asya ay pinamunuan ng mga pundamentalistang pinunong Muslim gaya ni Ayatollah Ruhollah Khoemeini sa bansang Iran. Sa panahon ng kanyang pamumuno ay ibinalik niya ang mga paniniwala at tradisyong Islam na naisantabi kapalit ng modernisasyon sa panahon ng pamumuno ni Mohammed Reza Pahlavi. Samantalang ang peninsulang Arabe naman ay naghangad ng isang kaharian na magbubuklod sa mga maliliit na kaharian tungo sa isang pang-Islamikong pakikipagkaibigan at kapatiran ng bawat isa.




Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Makikilala ang mga lider na nanguna upang makamit ang kalayaan ng mga bansa sa rehiyon ng Timog-Kanlurang Asya;
2. Masusuri ang proseso ng pagbangon ng damdaming nasyonalismo sa mga bansa sa Timog-Kanlurang Asya;
3. Maituturo sa mapa ng Asya ang mga bansa sa Timog-Kanlurang Asya na naghangad ng paglaya sa mga dayuhang mananakop; at
4. Mabibigyan ng pagpapahalaga ang naging kontribusyon ng paglulunsad ng mga Kilusang Pangkalayaan sa pamumuhay at pangkabuhayan ng mga mamamayan sa Timog-Kanlurang Asya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin mo ang mapa sa ibaba. Lagyan ng kulay ang mga bansang bumubuo sa rehiyon ng Timog-Kanlurang Asya. Gumamit ng iba't ibang kulay bilang pananda dito. Isulat ang mga pangalan ng mga bansa sa blangkong nasa ilalim ng mapa.




| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. | ______________ | 6. | ______________ | 11. | ______________ |
| 2. | ______________ | 7. | ______________ | 12. | ______________ |
| 3. | ______________ | 8. | ______________ | 13. | ______________ |
| 4. | ______________ | 9. | ______________ | 14. | ______________ |
| 5. | ______________ | 10. | ______________ | 15. | ______________ |

## Ang Imperyong Ottoman

Isa sa itinuturing na tagapagtatag ng isang malawak na imperyo noong 1350-1683 ay ang mga Turkong Ottoman. Halos tatlong kontinente ang kanilang nasakop, ang dating Asya Minor, Aprika at Silangang Europa. Nang dumating ang ikalabing-tatlong siglo ay binigyan ng mga Seljuks ng pagkakataon na mag-angkin ng mga lupain ang mga pinuno ng mga tribo sa Asya Minor. Ang mga Seljuks ay pangkat ng mga taong nagmula sa Sentral Asya na nakapasok sa mga lupaing pag-aari ng mga Muslim at nakonberto sa pananampalatayang Islam.





**Nasakop ng Imperyong Ottoman ang karamihan sa mga bansa malapit sa Dagat Mediterranean**

Nasakop nila noon ang Iran (Persia), Syria, Palestina at inagaw ang pamamahala sa Asya Minor mula sa Imperyong Byzantine sa Turkey. Ang kapangyarihan ng mga Seljuks ay inabot noong ikalabing-isang siglo lamang at ang mga dating nasakop ay naging mga maliliit na estado na lamang.



**Osman**

Sinundan sila ng mga Ottoman na ang naging pinunong mandirigma ay si Osman. Sa pamamagitan ng kanyang pamumuno ay halos ang kabuuan ng Asya Minor at Balkan Peninsula ay naging kabahagi ng kanilang imperyo. Noong 1453 ay sinakop nila ang Konstantinople at ito ang naging dahilan ng pagwawakas ng Imperyong Byzantine. Narating nila ang rurok ng kanilang tagumpay sa panahon ng pamumuno ni Sultan Suleiman noong 1520-1566. Nakabilang sa kanilang teritoryo ang bahagi ng pangkasalukuyang mga bansa ng Austria, Hungary, Poland, at Russia. Nabuo nila ang isang epektibong sistema ng pamamahala kaya nanatili ito hanggang noong ika-dalawampung siglo.



Si Sultan Abdul Hamid II, na naging pinuno noong 1876-1909 ay naging daan sa pagbubuo at pagsusulong ng bagong Saligang-Batas sa Turkey. Sa kanyang pamumuno ay nagkaroon ng isang parliamento na binubuo ng Senado at Mababang Kapulungan. Ang Senado ay mga taong pinili ng Sultan samantalang ang Mababang Kapulungan ay inihalal ng mga taong-bayan. Ang Saligang-Batas na ito ay sinuportahan nang higit ng mga Kabataang Turko. Sa dahilang sila'y nagkaroon ng takot na ang di tunay na pagpapatupad nito ay maaaring maging daan upang muling magkaroon ng mga panlabas na puwersang makikialam sa kanilang pagkakaisa na magresulta sa pananakop. Napagtagumpayan ng mga kabataan ang kanilang nais ngunit naragdagan ang kanilang samahan ng elementong militar at panrelihiyon kaya nang lumaon ay kinatakutan ang kanilang lakas. Si Sultan Abdul Hamid II naman ay napatalsik sa puwesto at siya'y napalitan ng kanyang kapatid na si Mehmed V.

**Ang Mga Europeong Mananakop at si Kemal Ataturk**

Ang bansang Alemanya noon pa mang una ay may malaki ng interes sa aspetong pangkabuhayan ng Turkey. Ito ang tumulong sa pagtatayo ng mahusay na sistema ng daang riles para magamit sa mabllis na pagpapalitan ng mga kalakal at ugnayang-panloob. Maging ang mga sundalong Turko ay sinanay ng isang heneral na Aleman na si Otto Liman von Sanders. Ang pagsasanay na ginawang ito ng mga Aleman sa mga Turko ay naging daan sa kanilang pag-aalyansa noong panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig. Ngunit natalo ng mga alyansang Europeo ang Imperyong Ottoman noong 1918 at ito ang pagsisimula ng kanilang paghina sa mga dating kolonya. Ang kanilang mga dating kolonya sa Balkan Peninsula ay naging mga malayang bansa samantalang ang iba ay naging mga protektadong lupain ng Britanya, Pransiya at Gresya. Ang mga nasyonalistikong Turko sa pamumuno ni Mustafa Kemal ay nagsulong ng pagkakaroon ng isang republika. Sa pamamagitan ng paglagda at pagpapatibay sa Kasunduang Lausanne noong 1923 ay isinilang ang Republika ng Turkey. Naging unang pangulo si Mustafa Kemal. Ginamit niya ang pangalang *Ataturk* na nangangahulugang Ama ng mga Turko.



**Mustafa Kemal Atatürk**

Isinulong niya ang mga pagbabago at reporma sa Turkey gaya ng paghihiwalay ng pamahalaan at ng relihiyong Islam; pagbuwag sa opisyal na posisyong hinahawakan ng isang *caliph* bilang pangunahing lider na Muslim sa mundo; pagbabago sa sistema ng edukasyon at pagpapababa ng antas ng mga di nakapag-aral; pagpapalit ng

inskriptong Arabe sa alpabetong Romano; pagbibigay ng karapatang bumoto at humawak ng posisyon sa pulitika ang mga kababaihan; pagtanggal ng praktis ukol sa maraming pag-aasawa ng mga Muslim na lalaki, paggamit at pagsusuot ng mga Kanluraning kasuotan at unti-unting pag-aalis sa pagkontrol ng mga dayuhan sa kanilang industriya at kalakalan sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mga bangko, kooperatiba at mga sanayang pag-aari ng Estado.

**Ang Pagpapatatag ng Pamumuno at Pamahalaan sa Iran**

Ang bansang Iran ay dating kontrolado at pinamahalaan ng Gran Britanya at Russia. Ang mga balon ng langis ay pinanatiling kontrolin ng Gran Britanya. Taong 1921 nang isang nasyonalistikong taga-Iran ang naghangad na palayain ang Iran sa kamay ng mga Europeong mananakop sa pamamagitan ng kanyang adhikain na mapalakas at patatagin ang estado at patalsikin ang mga dayuhan. Siya ay si Reza Shah Pahlavi, ang naging unang Premier at nang lumaon ay naging monarko ng Iran. Ilan sa kanyang mga pagbabagong isinulong ay gaya ng: pagpapatayo ng mga daanan at tulay; pag-aayos ng sistemang postal; pagbubuo ng mga programang magpapabuti sa industriya at kalakalan ng bansa; pagpapabuti sa sektor ng medisina at kalusugan; pagbubukas ng pampublikong paaralan at paggamit ng kasuotang Kanluranin. Noong taong 1935 ay ibinalik ang pangalang Iran na nangangahulugang *Lupain ng mga Aryan* at hanggang sa kasalukuyan ay ito pa rin ang pangalang ginagamit.




**Reza Shah Pahlavi**

Nang di nakipag-alyansa ang Iran sa mga puwersa ng Gran Britanya at Russia noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay pinuwersa siya ng tropa na umalis sa kanyang posisyon at ibigay ang pamamahala sa kanyang anak na si Muhammad Shah Reza Pahlavi. Ang mga pagbabagong pangkabuhayan at panlipunang kanyang ginawa ay di lubusang tinangkilik ng mga tao sa dahilang siya'y naging awtokratiko sa kanyang pamamahala.



**Mohammad Reza Shah Pahlavi**



**Ayatollah Ruhollah Khomeini**

Sa pamamagitan ng isang Rebolusyong Islamiko at paglalagay kay Ayatollah Ruhollah Khoemeini, isang pinuno ng sektang Shiite Muslim ay napaalis siya bilang monarko sa Iran. Hinangad pa ng mga Muslim na ibalik ang kanilang mga tradisyon at paniniwala at patakbuhin ang pamahalaan. Ang pangyayaring ito'y patuloy na nagbigay ng mga kaguluhan at mga pagtutol sa iba't ibang sektor ng tao na magpahanggang ngayon ay ipinakikita na di lubusang maganda ang ibinunga ng pananakop ng mga Kanluranin sa mga Muslim. Nais ng mga Muslim na patuloy na pahalagahan ang kanilang mga paniniwala, kalinangan at mga pagpapahalaga. Masasalamin na ang mga pundamentalistang Muslim na ito ay nasa ganito pa ring mga perspektiba kaya ang kanilang pagtutol sa mga ideyang Kanluranin ay sa pamamagitan ng paglulunsad ng *terorismo*.




**Nasyonalismo sa Peninsulang Arabe**

Sa matagal na panahon ay kinontrol ng mga Europeong mananakop ang peninsulang Arabe dahil sa mga mineral na yaman nito gaya ng langis. Ninais ng mga Arabe na magtatag ng isang buong kaharian na pamumunuan ni Haring Husein Ibn Ali, Hari ng Hejaz. Ang adhikaing ito ay tinutulan ng mga Ingles sa pamamagitan ng Deklarasyon ng Balfour. Ginamit niya ang titulong *caliph* upang mapatunayan na siya ang pinakamakapangyarihang Sultan sa buong kaharian ng mga Muslim. Siya ay pinatalsik ni Abdul Aziz Ibn Saud, Sultan ng Nadj, ng Sentral Arabia. Si Abdul Aziz Ibn Saud ay pinuno ng mga Wahhabis, isang pundamentalistang sekta ng mga Muslim. Taong 1900 nang pasimulan niyang kontrolin ang Nadj hanggang siya ang naging hari ng Saudi Arabia noong 1932-1953 ayon sa proklamasyon ng pang-Islamikong pakikipagkaibigan at kapatiran ng mga Arabe. Siya ay napatalsik sa puwesto ng kanyang kapatid na si Faisal. Nagtatag siya ng isang absolutong pamumuno sa panahon ng kanyang pamamahala ngunit di rin niya napagtagumpayan na buuin ang mga kahariang Arabe dahil sa pagtutol ng mga Kurds, mga grupong di-Arabe at ang paghahati ng mga Muslim sa dalawang sekta: Sunni at Shiite. Siya ay nabaril at napatay ng kanyang pamangkin noong 1975 at pinalitan siya ng kanyang kapatid sa ama na si Prinsipe Khalid Ibn Abdul. Ngunit si Prinsipe Khalid ay palagiang maysakit kaya ang lubusang namahala ng kaharian ay si Prinsipe Fahd na nang lumaon ay naging hari. Ang Kaharian ng Saudi Arabia ay patuloy na tumutol sa pagkakaroon ng bansang Israel ngunit dahil na rin sa pagdidiin ng Gran Britanya, Estados Unidos at ng U.N. ay napilitan itong sumang-ayon na rin. Kahit sa kasalukuyan ay patuloy pa rin ang


iringan sa pagitan ng mga Arabe at ng mga Israelite dahil sa mga pampulitikang ugnayan.



**King Abdul Aziz ibn Saud**



**King Fahd**



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sa iyong palagay, ang pagnanais ba ng mga pinuno sa Timog-Kanlurang Asya na pagsamahin ang pananampalatayang Islam at kanilang paraan ng pamamahala ay isang mabuting taktika upang tuluyan nilang mabuo ang kanilang adhikain sa paglaya at di pakikialam ng mga dating mananakop na mga Europeong bansa? Ipaliwanag.



**Tandaan Mo!**

- Ang Imperyong Ottoman ay naging isang malawak na imperyo sa mga kontinente ng Asya, Aprika at Europa noong 1350-1683.
- Ang mga Seljuks ay pangkat ng mga taong nanggaling sa Sentral Asya na nakapasok sa lupaing pag-aari ng mga Muslim at nang huli ay nakonberto sa pananampalatayang Islam.

- Si Mustafa Kemal ay nakilala bilang Ataturk o Ama ng mga Turko na naging kasangkapan sa pagkakamit ng kalayaan ng Turkey sa mga Europeong mananakop.
- Si Muhammad Shah Reza Pahlavi ay nagsulong ng mga pagbabagong pulitikal, panlipunan at pangkabuhayan sa Iran na naging dahilan ng malaking pagtutol ng mga taong nagsusulong ng pagbabalik sa tradisyunal na lipunang Islam sa pangunguna ni Ayatollah Khoemeini.
- Ang adhikain na pagbubuklod-buklod ng mga kaharian sa Peninsulang Arabe upang ito'y maging matatag at malaya sa pagkontrol ng mga bansang Europeo ay pinasimulan ni Haring Husein Ibn Ali.



**Gawain 3: Paglalapat**

Paano kaya maaaring bigyan ng ibang perspektiba ang TERORISMO bilang pamamaraang ginamit ng mga bansang Muslim upang balansehin ang kapangyarihang pulitikal, pangkabuhayan at panlipunan ng mga bansang maunlad sa kasalukuyan? Ipaliwanag.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________




**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

- Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang Dinastiyang Manchu ng Tsina ay itinuturing na superyor na kahariang Tsino lalo na sa aspetong kalakalan sa mga dayuhang bansa.

- Ang popularidad ng tsaa at seda ay naging daan sa paghahangad ng matatag na kalakalan ng Britanya sa Tsina.
- Ang spheres of influence ay bahagi ng teritoryong Tsina ngunit pinangangasiwaan sa aspetong pang-ekonomiya ng isang bansang dayuhan.
- Ang Panahon ng Isolasyon ay naging daan upang masugpo ng Hapon ang mabilis na paglaganap ng Kanluraning kaisipan at pananampalataya.
- Ang Panahong Meiji ay naging daan sa modernisasyon ng lipunang Hapon sa aspetong pangkabuhayan, pulitikal at sosyo-kultural.
- Ang Budi Utomo ay isang makabayang organisasyon na itinatag upang magkaroon ng mga paaralan na magtataguyod ng reporma sa Indonesia.
- Ang Kilusang Propaganda at Katipunan ay mga samahang itinaguyod ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan sa mga mananakop na Kastila.
- Si Ho Chih Minh ay naging kasangkapan sa paglaya ng bansang Vietnam sa mga mananakop na Pranses.
- Ang pag-aalsa ng mga Sepoy sa India noong 1857-1859 ay nangyari dahil sa kawalan ng pampulitikang kalayaan ng mga mamamayan; sapilitang pang-aagaw ng mga lupa sa mga Hindu ng mga awtoridad na Ingles at di pagrespeto sa kanilang paniniwala at tradisyon.
- Ang passive resistance at civil disobedience ay ang mga paraang ginamit ni Mahatma Gandhi upang isulong ang kalayaan ng India laban sa mga Ingles.
- Ang Imperyong Ottoman ay naging malawak na imperyo sa mga kontinente ng Asya, Aprika at Europa noong 1350-1683.
- Si Mustafa Kemal ay nakilala bilang Ataturk o Ama ng mga Turko na naging kasangkapan sa pagkakamit ng kalayaan ng Turkey sa mga Europeong mananakop.
- Si Muhammad Shah Reza Pahlavi ay nagsulong ng mga pagbabagong pulitikal, panlipunan at pangkabuhayan sa Iran na naging dahilan ng malaking pagtutol ng mga taong nagsusulong ng pagbabalik sa tradisyunal na lipunang Islam sa pangunguna ni Ayatollah Khoemeini.
- Ang adhikain na pagbubuklod-buklod ng mga kaharian sa Peninsulang Arabe upang ito'y maging matatag at malaya sa pagkontrol ng mga bansang Europeo ay pinasimulan ni Haring Husein Ibn Ali.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ama ng Komunismo sa Tsina.
   A. Mao Zedong
   B. Chou En Lai
   C. Deng Xiao Ping
   D. Sun Yat Sen

2. Kilusang inilunsad ng mga Pilipino na naglalayon ng pagbabago sa pamamalakad ng mga Kastila at pantay na pagtrato sa mga Pilipino.
   A. Katipunan
   B. La Liga Filipina
   C. Propaganda
   D. Masonista

3. Ito ay tumutukoy sa pagkamulat ng mga mamamayan upang sila'y magbuklod at labanan ang mga dayuhang mananakop.
   A. Kolonyalismo
   B. Imperyalismo
   C. Nasyonalismo
   D. Komunismo

4. Puwersa o lakas ng kaluluwa upang labanan ang puwersa ng armas.
   A. Sudra
   B. Samsara
   C. Karma
   D. Ahimsa

5. Dalawang pamamaraan sa pagkakamit ng kalayaan ay:
   A. Reporma at Propaganda
   B. Aktibo at Pasibo
   C. Civilizing Mission at Ethical Policy
   D. Imperyalismo at Kolonyalismo

6. Pampulitikang sistema ng pamumuno ng mga magkakamag-anak sa Tsina.
   A. Dinastiya
   B. Monarkiya
   C. Shogunato
   D. Teokrasya

7. Naging pangunahing tagapagtaguyod ng pagbubuo ng isang nagsasariling Pakistan.

A. Mustafa Kemal
B. Jawaharlal Nehru
C. Mohammed Ali Jinnah
D. Mahatma Gandhi

8. Pinuno ng sektang Shiite sa Iran at naging kasangkapan sa pagbabalik ng tradisyunal na pamumuhay sa bansa.
   A. Sultan Abdul Hamid
   B. Haring Fahd
   C. Ayatollah Ruhollah Khoemeini
   D. Mustafa Kemal

9. Naghangad na pagbuklurin ang mga maliliit na kaharian sa peninsulang Arabe ngunit tinutulan ng puwersang Europeo.
   A. Haring Husein Ibn Ali
   B. Abdul Aziz Ibn Saud
   C. Haring Faisal
   D. Prinsipe Khalid

10. Nasyonalistikong pinuno ng Vietnam na nasalamin ang pagkakamit ng kalayaan sa pamamagitan ng pamamaraang Komunismo.
    A. Sun Yat Sen
    B. Mao Ze Dong
    C. Ho Chih Minh
    D. Deng Xiao Ping

11. Panahon ng di pakikipag-ugnayan ng bansang Hapon sa mga dayuhang mangangalakal at misyonero.
    A. Negosasyon
    B. Pagsasarili
    C. Haponisasyon
    D. Isolasyon

12. Ang mga sumusunod ay matatagpuan sa dating French Indo-Tsina maliban sa:
    A. Malaysia
    B. Burma
    C. Cambodia
    D. Laos

13. Ang mga sumusunod ay matatagpuan sa Timog-Kanlurang Asya maliban sa:
    A. India
    B. Saudi Arabia
    C. Jordan
    D. Iran

14. Pamamaraan ng pang-aagaw ng militar ng pamamahala sa kasalukuyang pamahalaan.

A. Reporma
B. Coup 'd etat
C. Rebolusyon
D. Kolonisasyon

15. Ang mga sumusunod ay mga digmaang kinasangkutan ng bansang Hapon maliban sa:
    A. Sino - Japanese
    B. Russo-Japanese
    C. Dutch – Japanese
    D. Filipino –Japanese

16. Kinilalang Ama ng Turko dahil sa kanyang pagsusulong ng kalayaan ng Turkey.
    A. Mustafa Kemal
    B. Mehmed V
    C. Sultan Abdul Hamid
    D. Mohammed Shah Reza Pahlavi

17. Kinilalang Enlightened na pamahalaan ng mga Hapones.
    A. Tokugawa
    B. Han
    C. Meiji
    D. Shikoku

18. Ang pagluhod ng dalawang tuhod ng isang dayuhan sa Emperador naTsino.
    A. Beso Beso
    B. Kow Tow
    C. Sawadeeka
    D. Ohayo

19. Supremo ng Katipunan.
    A. Emilio Aguinaldo
    B. Antonio Luna
    C. Paciano Rizal
    D. Andres Bonifacio

20. Mga sundalong Hindu at Muslim na nag-alsa laban sa pamamalakad ng mga Ingles.
    A. Shogun
    B. Samurai
    C. Sepoy
    D. Knight



**GABAY SA PAGWAWASTO:**

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

1. B
2. C
3. D
4. A
5. B
6. D
7. B
8. A
9. D
10. A
11. A
12. B
13. C
14. C
15. A

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. A
2. C
3. C
4. D
5. B
6. A
7. C
8. C
9. A
10. C
11. D
12. A
13. A
14. B
15. C
16. A
17. C
18. B
19. D
20. C